*MALAY 36(2) Hunyo 2024, pp. 57-72*

# Ang mga Nagbubukod at Nagbubuklod na Katangian ng *Center for Kapampangan Studies* (CKS): Translokalidad at Daynamiks ng Araling Kapampangan at Nagsasariling Araling Filipino /

# *Convergent and Divergent Features of the Center for Kapampangan Studies (CKS): Translocality and Dynamics of Kapampangan Studies and Autonomous Philippine Studies*

Randy T. Nobleza
Marinduque State University
randynobleza2014@gmail.com

Ang Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies (CKS) ay mahigit sa dalawang dekada nang umiiral. Kaugnay nito, ang mga bahay-saliksikan sa bansa, kabilang ito sa pinakamatagal at kompleto sa silid-aklatan, museo, tanghalan, at publikasyon. Pinroblematisa ng pag-aaral na ito ang daynamiks ng mga nagbubukod at nagbubuklod na katangian ng araling pampook at pambansa sa pamamagitan ng mga ideolohikal at teoretikal na basehan ng produksiyon ng kaalaman. Gamit ang translokal na dalumat, tiningnan sa pag-aaral ang mga gawain ng CKS sa pananaliksik, pag-eksibit at pagsisinop. Batay sa mga sipi ng Alaya research journal at Singsing magazine, nakakuha ng mga tema tulad ng kasaysayan, wika, at midya. Ang translokalidad ay nakatuon sa mga bukas at hindi-linear na mga proseso na nakagagawa ng ugnayan sa mga tao at pook. Ang daynamiks ng iba-ibang nagbubuklod at nagbubukod na daluyan ng pandarayuhan at ugnayan ay palagiang pinoproblematisa at tinatangkang masagot. Ang tinutukoy na daynamiks ng mga katangiang nagbubukod at nagbubuklod ay basehan ng umuusbong na Araling Filipino. Base sa mga piling artikulo sa Alaya at Singsing, ang mga tuon ng CKS na mga tema ay  lokal na kasaysayan, wikang Kapampangan, at new media. Ang tagal at kompleksidad ng CKS ay nagsasanga at umuugat sa iba pang bahay-saliksikan kagaya ng Center for Tarlaqueño Studies, Bahay-Saliksikan ng Bulacan, Cavite and Cebuano Studies Center.

Mga Susing Salita: Araling Kapampangan, Ideolohikal at Teoretikal na Basehan, Produksiyon ng Kaalaman, Translokalidad

*The Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies (CKS) has existed for 23 years. In relation to this, such study center is among the most extensive and established with a library, museum, performance area, and publication. This paper problematizes the dynamics of the convergent and divergent features of local studies and the national in terms of ideological and theoretical bases of their knowledge production. Utilizing the translocal framework, the study interrogates the CKS research, exhibit and archives, based on available copies of Alaya research journal and Singsing magazine; themes like history, language, and media were established. Translocality is focused on open and non-linear processes which connect peoples and places. The dynamics of different divergent and convergent sources of migration and connections of constant problematization has been attempted to address by CKS. What is referred to as dynamics of divergent and convergent features are basis of the emergent Philippine Studies. Based on published articles in Alaya and Singsing, CKS focused on local history, Kapampangan language and new media. The duration and complexity of CKS is branching out and rooted to*

Copyright © 2024 by De La Salle University

*other study centers like Center for Tarlaqueño Studies, Bahay-Saliksikan ng Bulacan, Cavite and Cebuano Studies Center.*


*Keywords: Ideological and Theoretical Bases, Kapampangan Studies, Knowledge Production, Translocality*

## PANIMULA

Buhat sa isang pangkalahatang pagtingin sa nagawa ng Center for Kapampangan Studies (CKS), inilahad sa Regional Studies Center Consultative Forum-Workshop, na itinatag ng Holy Angel University ang CKS noong 2002 para makapag-ambag sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng kulturang Kapampangan. Kompara sa ibang rehiyon, mayroong pagpapalagay na lubhang kailangan ang pagtatayo ng naturang bahay-saliksikan sapagkat ang Pampanga ay humaharap sa isyu nang mabilis na pagkawala ng kanilang katutubong lengguwahe, kasaysayan, at kultural na pamana. Diumano'y nahahaluan ng ibang impluwensiya ang sariling kultura ng mga Kapampangan dahil sa lapit nito sa Maynila. Idagdag pa rito maging ang pagputok ng Bulkang Pinatubo na siyang nagbaon sa mga materyal na kultura ng Pampanga at sumira ng mga lugar, historikal na mga pananda, at mga tradisyonal na gawain (*Regional Studies Centers Profile* 1–6).

Isang pook ang Pampanga na may mayamang pamanang kultural na nasadlak sa panganib kagaya ng pagputok ng Bulkang Pinatubo noong 1991 at paglindol sa Hilagang Luzon noong 1990. Sapagkat ang kapuluan ay nasa puyo ng singsing ng apoy at sinturon ng paggalaw ng lupa, ang tugon ng mga akademikong institusyon ay magsagawa ng pagpapanatili at likas-kayang paraan para hindi mawala ang mayabong na kalinangang Kapampangan.

Mahigit sa dalawang dekada nang umiiral ang Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies o CKS. Isa ito sa mga pangunahing lokal na pag-aaral na kompleto ang sinupan, silid-aklatan, museo, at publikasyon.




Figyur 1: Local Studies Center: Library, Archives, Museum
(Perez, 2011; Templanza at Perez 2012; Yap et.al. 2016)

Ngunit ang Holy Angel University (HAU) ay kulang sa isang dekada para maging isang siglo nang umiiral bilang institusyong pang-edukasyon. Nagsimula ang paaralan noong June 1933 bilang Holy Angel Academy sa inisyatiba ng tagapagtatag nitong si Don Juan D. Nepomuceno, isang pilantropo at prominenteng mamamayan ng Angeles sa tulong ni Padre Pedro Santos, ang kura paroko ng Angeles at magiging Arsobispo ng Nueva Caceres. Ayon sa tala ng HAA, ang pangunahing tunguhin ng eskuwelahan ay makapagbigay ng serbisyo sa komunidad bilang mataas na paaralan para sa pormasyon ng Katolikong Edukasyon.

Inabot din ng ilang dekada bago maging Kolehiyo ang Akademya. Noong ika-6 ng Disyembre 1961, naging Holy Angel College (HAC) ang dating Holy Angel Academy (HAA). Sa pamumuno ni Don Juan Nepomuceno naging primerang institusyon ng pagkatuto ang HAC sa Gitnang Luzon. At noong ika-4 ng Disyembre 1981 ay naging ganap na pamantasan ang Holy Angel University sa pamumuno ni Engr. Mamerto G. Nepomuceno bilang unang University President. Samantala, idineklara naman ni Arsobispo

Oscar Cruz ng San Fernando, Pampanga ang HAU bilang Katolikong Pamantasan. Hanggang sumapit ang 2002, pinasinayaan ng HAU ang Kauna-unahang Internasyonal na Komperensiya ng Araling Kapampangan at itinayo ang Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies.

Batay sa CKS website, ang pangunahing tunguhin ng CKS ay ang pagpapanatili, pag-aaral, at pagpapalaganap ng kultural at historikal na pamanang Kapampangan.

Maliban sa CKS, matatagpuan sa probinsiya ng Gitnang Luzon ang iba pang institusyong mayroong programa sa pamanang kultural at mapagkukunan ng lokal na kaalamang Kapampangan. Ang Angeles University Foundation ay nagtatag ng sariling Institute of Kapampangan Studies (IKS) sa inisyatiba ng dati nitong Bise Presidente na si Evangelina H. Lacson. Kagaya ng HAU, ang AUF ay mayroon ding museo na nagsisilbing bahay-saliksikan ng IKS.

Maaaring ihanay rin sa mga pagtatangkang panatilihin ang pamanang kultural ang sangay ng University of the Philippines sa Pampanga sa pamamagitan ng ambag sa Araling Kapampangan. Gayundin ang Don Honorio Ventura Technological State University ay mayroong Kapampangan Heritage Center na nagbibigay-pugay naman sa mga lokal na bayani ng Kapampangan.

*Ugat ng Araling Pampook ng CKS*

Si Robby Tantingco ang tagapagtatag na direktor ng CKS, maliban sa pagiging direktor ay siya rin ang Bise Presidente para sa External Affairs at Corporate Communications. Nagtapos siya ng digring masterado sa Ingles sa Saint Louis University. Isa sa mga naisulat niyang libro ay ang *Pinatubo—The Volcano in Our Backyard* na lumabas noong 2011 sa ika-20 anibersaryo ng pagputok ng bulkan sa kaniyang pook. Si Tantingco rin ang may-akda ng aklat tungkol sa kaniyang pamantasan, *Destiny and Destination: The Extraordinary Story and History of Holy Angel University 1933–2008*.

Sa mga unang taon ng CKS, nagsagawa na ito ng ilang hindi matatawarang aktibidad na balang-araw ay magbibigay sa kanila ng pagkakataon upang maipook nila ang sarili at maipalaganap ang kanilang mga adhikain. Isa sa mga natatanging gawain nito ang pag-oorganisa ng kauna-unahang internasyonal na komperensiya tungkol sa Araling Kapampangan noong 2002. Nakibahagi rin ang CKS sa Ikatlong Pambansang Kombensiyon ng Church Cultural Heritage Workers nang sumunod na taon, 2003. Nagkaroon din ito ng kolaborasyon, ayon sa Memory Project ng National Historical Commission on the Philippines (NHCP), sa Cavite Studies Center nang idaos nila ang "Historical and Cultural Convergences and Divergences between Cavite and Pampanga and other Local Cultural Form."

Ayon sa panlipunang historyador na si Alfred McCoy (1–20), ilang dekada pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagkaroon ng pagbaling ng atensiyon mula sa ika-17 at ika-19 na siglo tungo sa rehiyonal na kasaysayan. Binigyan niya ng pagkilala ang naging papel ni John Larkin sa pag-aaral nito sa Pampanga bilang mainam na halimbawa ng lokal na pag-aaral sa kasaysayan sa bansa. Ngunit nilinaw ni McCoy na higit pa sa pagtuon sa rehiyonal na kasaysayan, isang hakbang lamang ito tungo sa mas makabuluhang panlipunang kasaysayan ng kapuluang Pilipinas. Mayroong panahon, nang hindi pa naisasakatutubo ang Philippine Studies, nakatuon sa mga lokalidad at pook ang mga pag-aaral at kasaysayan. Dahil dito, nagkaroon ng mas marami pang pagtatangkang magsulat at gumawa ng rehiyonal na pag-aaral upang makapagbigay ng nilalaman sa tinutukoy ni McCoy na panlipunang kasasayan sa arkipelago. Ibinigay niyang halimbawa ang pag-aaral ng mga pagbabago sa lipunan sa bansa bilang mahalagang gawain sa pagbubuo ng panlipunang kasaysayan ng Pilipinas.

Kinikilala rin ng Center for Kapampangan Studies ang halimbawa ni John Larkin sa paghahawan ng daan at mahaba-habang paglubog sa rehiyonal na pag-aaral partikular sa Pampanga. Naglaan ang CKS ng ilang isyu ng *Alaya* (Tomo 6, 2010–11) at *Singsing* (tomo 2 bilang 3 2003) para sa pagbibigay-pugay sa Amerikanong historyador.

*Nagbubuklod na Katangian: Ang Sinupan/Aklatan ng CKS*

Kabilang sa nilalaman ng aklatan at sinupan ang mga *registros parroquiales* ng lahat ng bayan ng Pampanga. Halimbawa nito ang mga tala sa baptismo, kasal, kahit mga talaan ng mga namatay simula noong taong 1621. Bilang pagkilala sa mga nanguna sa Araling Kapampangan, ang sinupan at aklatan ng CKS ay mayroong mga koleksiyong ipinangalan kina Luther Parker at John Larkin. Ayon sa CKS brochure:

> Our John A. Larkin Library is stacked with books on Kapampangan, in Kapampangan and by Kapampangans, so that you don't have to go to different libraries to search for research and reading materials.

Maliban sa CKS na naitatag lamang noong 2002, ang IKS ay mas naunang mapagkukunan ng kaalamang pampook sa Pampanga simula pa noong dekada '80. Batay sa Kapampangan database ng IKS, nakalista ang 234 na pamagat ng mga aklat, artikulo, peryodiko, at iba pang nakalimbag na materyal simula noong 1906 hanggang 2010. Ang mga batis ay nakasulat sa Ingles, Kapampangan, at Filipino.


Tampok sa koleksiyon ng Angeles University Foundation ang mga sulatin nina Crisostomo Soto, Cornelio A. Panalan-Bayron, Diego Bergano, Aurelio Tolentino, Evangelina H. Lacson, at Mariano Henson. Gayundin, matatagpuan sa IKS database ang mga papel nina Andrew Gonzales, Rafaelita H. Soriano, Sonia M. Zaide, Lino L. Dizon, at Lucian PR Santiago.

Samantala, sa CKS naman ay maliban pa sa John Larkin at Luther Parker Collection, mayroon ding bahagi ng aklatan ang isinunod sa pangalan ng kontemporanyong mananalaysay na si Ambeth Ocampo. Dating nakalagak ang nilalaman ng Ambeth Ocampo Filipiniana Collection sa National Library na mahigit sa 6,000 mahirap hanapin na mga aklat at babasahin tungkol sa pambansang kasaysayan at kultura. Habang ang sinupan naman ng CKS ay naglalaman din ng mga materyal na tungkol sa Pampanga maging sa Kapampangan studies. Isang bagay ang koleksiyon tungkol sa pook na nakalagak sa pribado o pansarili, iba pa ang naprosesong pag-aaral tungkol dito na para sa lahat o publiko. Tulad nang nabanggit na mga koleksiyon nina Luther Parker at Ambeth Ocampo, mayroon ding nakadepositong mga sulatin ang mga manunulat na Kapampangan tulad ng mandudulang si Aurelio Tolentino at mga personal na gamit ng hari ng Crissotan. Naglalaman din ang CKS ng mga nailimbag na mga aklat ng CKS mula noong 2001 hanggang sa kasalukuyan. Kasama ng mga CDs ng awitin, musika, at iba pang tunog Kapampangan. Mayroon ding mga *recording* na nasa DVD format sampu ng mga *independent film*, *animation*, at dokumentaryo tungkol sa wika at kulturang Kapampangan.

Isa sa mga tampok na sinulat ni Luciano PR Santiago na inilimbag ng CKS ang tungkol sa mga Kapampangan Pioneers. Ang buong pamagat ay "Laying the Foundations: Kapampangan Pioneers in the Philippine Church 1592–2001." Sa pamamagitan ng paggalugad ng mga lokal at Espanyol na sinupan, nakapagtala siya ng mga pananaliksik o pag-aaral sa kasaysayan at araling kultural. Ang pangunahing ambag niya sa librong ito, ang karamihan sa Filipinong pioneer sa Simbahang Katoliko ay Kapampangan.

Maliban dito, mayroon ding mga dokumento ng *erecciones de pueblos, errecciones de gobernadorcillos, memorias*, at iba pang mahahalagang tala mula sa National Archives ang CKS. Nakakuha rin sila ng mga kopya ng dokumento mula kay Luther Parker at Otley Beyer at maging mga Historical Data Papers (HDP) tungkol sa Pampanga. Dagdag pa sa mga nasa papel, ang sinupan at aklatan ng CKS ay naglalaman din ng mga personal na koleksiyon ng mga makata, iskolar, at iba pang makasaysayang personalidad kasama ang mga digital na kopya ng mga lumang litrato, *video footage*, at *audio recording*.Gayundin, maaaring maihanay sa pambansang batis ng Araling Kapampangan ang mga serye ng libro sa Lokal na Kasaysayan ng Department of Education, Culture and Sports sa Gitnang Luzon. Ang KASALO (Kasaysayang Lokal) ay inisyatiba ng DECS Region III at Zaide Foundation, Inc. simula pa noong 1997. Tunguhin nito ang maiguhit sa pambansang kasaysayan ang lokalidad sa pamamagitan ng pagsulat ng mga estudyante ng Araling Panlipunan sa hayskul. Para maisakatuparan ang proyekto, naging kalahok ang siyam na dibisyon sa Gitnang Luzon tulad ng Bataan, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac, Zambales, Angeles City, Cabanatuan City, at Olongapo City.

Ayon sa Paunang Salita ng mga May-akda, nabuo ang konsepto ng aklat dahil sa kakulangan ng kasaysayang lokal lalong-lalo na sa Rehiyon III. Itinaon din sa pambansang sentenaryo ng Pagpapahayag ng Araw ng Kasarinlan.




Figyur 2. Pabalat ng *Singsing* Tomo 1, Blg 4

*Daynamiks ng Lokal at Pambansang Diskurso sa Sinupan/Aklatan ng CKS bilang Translokalidad*

Ang sinupan ay tungkol sa paggunita, pagsasaisip, at pangongolekta ng mga materyal tungkol sa partikular na mga paksa. Nauuna ang gunita o alaala, bago ang malalimang pag-iisip tungkol dito. Huli ang pangongolekta pagkatapos ng mga naunang hakbang ng pagsisinop. Sa kaso ng CKS, ang partikular na koleksiyon ay tungkol sa pagpopook ng Pampanga kung hindi man ang buong saklaw ng rehiyong Kapampangan. Walang sinuman ang may hawak ng susing maaaring makapagbukas ng lahat ng nilalaman ng sinupan sa kabuuan nito. Ngunit sa pagsusumikap ng CKS ay maaaring makakuha ng baul ng kayamanan sa sinupan tungkol sa kaalamang pampook ng Pampanga na maaaring maklasipika, maisaayos, at magamit sa ibang paraan depende sa pangangailangan ng mananaliksik.

Sa dokumentong "Compilation of Papers Presented during the Consultative Forum-Workshop of Regional Studies Centers in the Philippines, July 28–31, 2008," idinetalye ng CKS ang tuloy-tuloy na programa nito sa pangangalap ng anumang materyal na may kinalaman sa Pampanga. Kasama rito ang mga libro, dokumento mula sa National Archives, Manila Archdiocesan Archives, Convento de San Agustin, at mga silid-aklatan sa España at Amerika.

Kung ipopook ang ugnayan ng CKS, IKS, at iba pa, ang proseso ng pagsasarili ng Araling Filipino ay matatagpuan sa daynamiks ng mga nagbubukod at nagbubuklod na katangian ng bahay-saliksikan. Kagaya ng pagsisimula ng Museo Biblioteca de Filipinas noong 1887, nagbunga ito ng Pambansang Aklatan, Museo, at Sinupan. May kani-kaniyang inisyatiba ang mga akademikong institusyon kagaya ng HAU, AUF, DECS Region III, at Zaide Foundation Inc. Ang mga lokal na produksiyon ng kaalaman ay nagiging bahagi ng pagtatangkang mapanatili ang pamanang kultural na matatagpuan sa mga aklatan/sinupan ng mga akademikong institusyon ng Pampanga. Pumutok man ang bulkan, magkaroon ng lahar, malindol o mabagyo ang Gitnang Luzon ay nakapag-impok na ng mga pamanang kultural ang mga Kapampangan at matatagpuan ito sa sinupan/aklatan.

*Nagbubuklod na Katangian: Ang Pananaliksik at Lokal na Produksiyon ng Kaalaman ng CKS*

Kasama sa mga adhikain ng CKS ang makapagtatag ng mga Kapampangan Studies corner sa mga aklatan at parokya ng probinsiya ng Pampanga. Nilalayon nito na magkaroon ng kamalayang lokal ang mga mag—aaral at paryokyano sa Pampanga. Kaya upang makapag-ambag sa produksiyon ng kaalaman, naglalathala rin ito ng dyornal at magasin tulad ng *Alaya CKS Research Journal* at *Singsing CKS Magazine* na nagtatampok sa paksain ng Kapampangan. Ang *Alaya* ay pantaunang publikasyon ng Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies. Batay sa editoryal na polisiya nito, "multidisciplinary and reporting on all aspects of Kapampangan studies, the journal promotes the exchange of ideas and experiences among academics of different sciences, maintaining a balance between field reports, case studies articles of general interest ,texts and documents, and academic papers." Sa kabilang banda, ang *Singsing* naman ay inililimbag nang apat na beses sa isang taon. Matutunghayan ang lawak at lalim ng mga paksang Kapampangan sa bumubuo ng *editorial staff* nito kagaya ni Robby Tantingco, Erlinda Cruz (*cultural activities coordinator*), Joel Mallari (*archeologist/researcher*), Anton Prima (*translator/ researcher*), Sheila Laxamana (*events organizer/*

*administrative staff*), Ana Marie Vergara (*computer graphics, artist/researcher*), Arwin Paul Lingat (*church heritage researcher*). Dagdag pa dito ang mga tagapayo ng CKS, ang *museum curator* na si Alex Castro, ang *historian* na si Prof. Lino Dizon, Fray Francis Musni ng Orden ng San Agustino, mga *language consultant* na sina Francisco Guinto at Felix Garcia.

Matutunghayan sa Talahanayan 1 at Talahanayan 2 ang mga tampok na tema at paksa ng mga pananaliksik na nailathala sa *Alaya CKS Research Journal* mula 2003 hanggang 2019 at sa *Singsing CKS Magazine* mula 2003 hanggang 2008.

Mapapansin sa Talahanayan 1 ang halos taon-taong publikasyon ng *Alaya Research Journal* mula taong 2003 hanggang taong 2019. Tanging ang mga naturang isyu lamang ang mayroong kopya ang CKS at hindi natitiyak ng mananaliksik kung mayroong nailathala sa mga taong 2009, 2012, at 2013.

Nakatuon sa kasaysayan ng pook, ang Pampanga, at sa mahahalagang taong kaugnay ng Kapampangan Studies ang karaniwang tema ng pananaliksik na nakalimbag sa *Alaya* at *Singsing*. Binibigyan din ng pansin ang papel ng probinsiya sa kasaysayan ng mga karatig-pook tulad ng Tarlac at ng lokasyon nito bilang bahagi ng rehiyon ng Gitnang Luzon.

Nagbibigay-pugay rin ang mga pananaliksik sa mga naging kontribusyon ng mahahalagang personahe para sa CKS tulad ng Heswitang pari na si Felipe Sonson, ang isa sa mga nagpasimula ng Kapampangan Studies na si Luther Parker, at ang lokal na mananalaysay na si Lino Dizon para sa kaniyang pre-disertasyon na mga sulating pananaliksik.

Si Phelippe Songsong ay may puwang sa CKS dahil sa paglalaan ng higit pa sa inaasahan sa habambuhay: bilang sundalong Macabebe, mas pinili kaysa sariling pamilya upang magpari, nagsakripisyo para maging katulong at karpintero ng mga Heswita, iniwan ang tahanan at bansa sa pagmimisyon sa Pasipiko at ibinigay ang buhay sa ngalan ng pananampalataya.

Si Lino Dizon ay propersor ng Pilipinolohiya at Kasaysayan. Tagapagtatag na direktor ng Center for Tarlaqueño Studies ng Tarlac State University. Kasalukuyang komisyonado ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (NHCP) at tagapayon g CKS na si Dr. Dizon. Ayon kay John Larkin, si Luther Parker ay may natapos sa Chico

**Talahanayan 1:** ***Alaya CKS Research Journal*** **2003–2019**

| Blg. ng Isyu/ Taon ng Publikasyon | Mga Tema | Mga Piling Artikulo |
|---|---|---|
| Alaya Blg. 1 2003 | Inaugural issue | Local studies |
| Alaya Blg. 2 2004 | Filipinos and Kapampangans during nascent colonial contacts and evangelization (1571–1715) | Felipe Sonson<br>17th century Jesuit |
| Alaya Blg. 3 2005 | Spanish colonial period and Pampanga | Bibliographical sources for the study of Kapampangan language |
| Alaya Blg. 4 2006 | Central Luzon in Pampanga, Pampanga in Central Luzon | Documenting Philippine Pre-hispanic scripts |
| Alaya Blg. 5 2007-2008 | Double issue/Upper Pampanga 1593-1900 (Kapampangan–Tarlac histories) | Pre-dissertation works of Lino Dizon |
| Alaya Blg. 6 2010–11 | Homage to Luther Parker (1872–1952) and His Fields | Parker's Hinterlands<br>Collected texts and Documents<br>Various fields |
| Alaya Blg. 7 2014 | Relics and Milestones | Toponyms, place names |
| Alaya Blg 8 2015–16 | Kapampanan: Ethnicity and language | from naturales to Kapampangan, kapanguluan |
| Alaya Blg 9 2016–17 | Pirulungan: Kapampangan in the border | Kapampangan Studies, Philippine Studies, other papers |
| Alaya Blg 10 2018–19 | Purpuri: Kapampangan studies in variety | multidimensional, potpourri, Filipino dance |

**Talahanayan 2: *Singsing CKS Magazine* 2003–2008**

| Blg. ng Isyu/ Taon ng Publikasyon | Mga Tema | Mga Piling Artikulo |
|---|---|---|
| tomo 1 blg 4 2002 | Macabebes–boys from the banks | more than a footnote in history |
| Tomo 2, Blg. 1 2003 | The Kapampangans Folksy, Faithful and True | clashing, fading tales of sinukuan |
| tomo 2, blg 2 | Bacolor–one brief shining moment | Bacolor and the origins of Araling Kapampangan |
| tomo 2, blg 3 | Memorable Kapampangans special issue | 99 kapampangan who mattered in history & why |
| Tomo 3, Blg. 1 2004 | Flores para los Frailes: The Augustinians in Pampanga | hearts on fire: Legacies of the Augustinians to Kapampangans |
| tomo 3 blg 2 | Kapampangan folk and the power and the glory rivers the lost highways of Pampanga | 8 unique Kapampangan folk festivals, Special feature on rivers |
| Tomo 4, Blg. 1 2005 | Angeles, San Fernando: A Tale of Two Cities | Angeles, San Fernando Timelines |
| Tomo 4, Blg. 2 2005 | Romancing the Kapampangan Language | lost and found in translation |
| Tomo 5, Blg. 1 2006 | Pampanga's Folk Arts and Crafts Going, going…gone? | Pampanga's Vanishing arts and crafts |
| Tomo 6, Blg. 1 2007 | Braveheart | Confusion over Tarik Reclaiming the Kapampangan Regional Identity |
| tomo 7 blg 1 2008 | Paranormal Pampanga – the mystical, mysterious side of Kapampangans | land of laman labuad (underworld creatures) |

(California) Normal College at nagpunta sa Pampanga noong 1901 bilang isa sa mga pinakaunang Thomasite. Bagama't walang pormal na pagsasanay sa kasaysayan o antropolohiya, mayroon siyang mataas na interes sa nakaraan ng Pampanga at kontemporanyong kultura. Nag-ambag siya sa mga koleksiyon nina H. Otley Beyer at James Robertson tungkol sa mga Negrito ng Pampanga at maging tungkol sa panitikan at politika ng lalawigan. Noong 1904–10 ay nasimulan ang Kapampangan Studies sa saliksik ng mga maagang kasaysayan ng mga bayan sa Pampanga.

Kabilang din sa pananaliksik na isinagawa sa *Alaya CKS Research Journal* ang pag-aaral hinggil sa wikang Kapampangan at ang mga tala sa sinaunang Pampanga bago pa man ang kolonisasyon. Mababasa sa mga piling artikulo ang pagnanais ng CKS na maipon ang mga tala ng kasaysayan ng Pampanga at ang mga katutubong kultura nito mula sa wika, pananampalataya, at pagpapangalan sa mga pook upang makatugon sa adhikain nitong itampok ang pamana ng Kapampangan Studies.

Tulad ng makikita sa Talahanayan 2, regular na nakapaglathala ang *Singsing CKS Magazine* sa loob ng limang taon mula 2003 hanggang 2019. Tanging ang mga naturang isyu lamang ang mayroong kopya ang CKS at hindi natitiyak ng mananaliksik kung mayroong nailathala sa mga taong 2020 hanggang kasalukuyan.

Batay sa mga naitalang pananaliksik ng CKS limitado sa mga isyu ng *Alaya* at *Singsing*, lumalabas na mga prayleng Español buhat sa iba't ibang orden ng simbahan ang pasimuno ng pag-aaral ng mga Araling Pampook tulad ng Pampanga na naitalaga sa mga Agustino. Pagkatapos ng Kasunduan sa Paris at Himagsikang 1896, nagkaroon ng ibang bugso ng pag-aaral. Ang kasunod na yugto ng kolonyalismo ay hindi direkta kundi sa pamamagitan ng banayad na pananakop. Tinatawag itong *benevolent assimilation* at kinasangkapan ang pampublikong paaralan imbis na simbahan o relihiyon.

Kabilang sa tagahawan ng landasing ito ang Amerikanong administrador na si Luther Parker. Hindi kagaya ng mga nauna sa kaniya na gumawa

ng mga talasalitaan, gramatika, at iba pang kaugnay na gawain, mga kurikulum at teksbuk ang kanilang ginawa. Responsable si Parker, sa pagtitiyak ng petsa ng mga pagkakatatag ng simbahan sa Pampanga, maging ang mga paring nakatoka rito mula 1572 hanggang 1905. Mula rito nagkaroon ng tuon sa mga bayan ng Pampanga at pinagmulan nito. Naisip niya ang pagkakaroon ng lokal na kasaysayan ng bawat munisipyo at naging bahagi ng koleksiyon ng Pambansang Aklatan. Nagbigay-daan ito sa pangangailangan ng pangkalahatang midyum ng instruksiyon. Sa gobyernong Commonwealth, gumawa ng pagdadahilan upang magkaroon ng wikang pambansa upang magkaroon ng hibo ng kalayaan at kasarinlan. Ang tambalang estandardisasyon at pagkakaroon ng wikang pambansa ay nagresulta sa paghina ng mga rehiyon sampu ng lengguwahe at kalinangan nito. Bagaman nakapagdulot ito ng pagsasantabi, naging okasyon din naman ito upang magkaroon ng pagpapahalaga para sa mga nasa laylayan, walang tinig, at wala sa poder.

Dahil sa lokasyon at likas na katangian, ang rehiyon ng Pampanga ay nagkaroon ng puwang para sa mga katutubo at Tagalog. Sapagkat nasa pagitan ng mga katawang tubig at kalupaan, ang Pampanga ay direktang may kaugnayan sa Aeta at taga-Maynila. Mayroong mga rutang pangkalakalan na umusbong ang nagsasariling kultura buhat pa noong pre-kolonyal na panahon. Ngunit nang makolonisa, nagkaroon naman ng radikal na tendensiya pagdating sa usaping pangwika. Imbis na sumunod sa dominasyon ng Tagalog, nagkaroon ng malakas na pagbalikwas ang Kapampangan. Nagkaroon ng hatian sa pagitan ng nais gumamit ng ortograpiyang Tagalog at sa kabilang banda, ang mga gustong magsulat ng Espanyol. Maliban dito, nagkaroon din ng ikatlong puwersa, ang mga naghahangad bumalik sa pre-kolonyal na pagsulat na tinatawag na *kulitan*.

Kasama sa maraming adhikain ng CKS ang pagbibigay ng pagkilala sa mga hindi gaanong kilalang mga bayani, santo, pamilya, at iba pang may kaugnayan dito. Mga lokal na bayani kagaya ni Tarik Soliman na kinailangan pang ibukod ng CKS kay Rajah Soliman. Gayundin, ang istorya ng lokal na santo, si Felipe Sonson na maaaring ikompara sa inabot ni Pedro Calungsod. Isinama rin ang mga lokal na pamilya, tulad ng mga Nepomuceno, na naging tagapagtatag ng Holy Angel University at maging ang mga susing industriya sa probinsiya.

Sa puntong ito, mahalagang matalakay ang iba pang ambag sa lokal na produksiyon ng kaalaman sa pambansang antas. Ang aklat ni Rafaelita Hilario Soriano tungkol kay General Mariano Llanera at sa mga Pampango ay bahagi ng lokal na produksiyon ng kaalaman. Isang Kapampangang mananaliksik, edukador at diplomat ang anak ng manunulat na Kapampangang si Zoilo Hilario. Nakapagtapos siya ng doktorado sa Univeristy of Michigan bilang iskolar ng Levi Barboun Scholarship para sa mga Oriental na kababaihan.

Kapansin-pansin ang pamagat ng libro ni Soriano tungkol kay General Llanera, *Nueva Ecija and the Pampango Nation's Greatest Contribution to the Philippine Revolution.* Sa tradisyon ng lokal na kasaysayan napasimulan ni Isabelo delos Reyes at Mariano Henson ang mga tala ng mahahalagang pangyayari tungkol sa sentral na bayani o pook ang tampok.

Halimbawa sa isang bahagi ng libro, "Central Luzon, one of the greatest Centers of Insurgency, Cavite is the other," tampok ang paksa ng kaniyang aklat na sina General Llanera ng Gitnang Luzon at General Emilio Aguinaldo ng Cavite.

Natatangi rin ang ambag sa lokal na produksiyon ng kaalaman ang mga pag-aaral tungkol sa Panitikang Kapampangan kagaya ng sinulat nina Evangelina Lacson, Lourdes Vidal, at Edna Zapanta-Manlapaz.

Halimbawa, ang *Kapampangan Writing: A Selected Compendium and Critique* ni Lacson, ay naglalarawan ng mga konsiderasyon ng mga manunulat na Pampangan, sa usapin ng wika tulad ng Ingles, Filipino, at katutubo. Mayroong apat na bahagi ang kritikal na koleksiyon: ang unang tatlo ay nakatuon sa kapakanan ng kabataang natuto sa eskuwelahan ng wikang pambansa. May pagtatangi sa ortograpiyang Kapampangan na buhat sa mga Espanyol at mas kontemporanyong wika.

Ang isa pang librong pampanitikan ay bahagi ng serye ng mga rehiyonal at lokal na panitikan. Magkasama ang Pampanga at Pangasinan sa *Maikling Kuwentong Kapampangan at Pangsinan* na tinipon at isinalin nina Lourdes Vidal at Ma. Crisanta Nelmida. Ayon sa pamilya ni Vidal, "ang paghahanap sa publiko ng maikling kuwentong Kapampangan" ay pagsuong sa salimuot at balakid ng paggawa ng pampanitikan na pagpapanahon. Partikular na pinroblematisa ni Vidal ang paghahanap ng katumbas ng maikling kuwento sa katutubong wika. Para sa kaniya, "magulo ang

terminolohiya, masalimuot ang konteksto at limitado ang pananaliksik.”

Hindi naman nagkakalayo ang danas ni Edna Zapanta-Manlapaz sa *Kapampangan Literature: A Historical Survey and Anthology*. Bagaman batay sa sarili niyang paliwanag, ang mga magulang niya ay parehong Kapampangan at ito rin ang kanilang bernakular na wika sa bahay, walang motibo at pagkakataon si Manlapaz na magbasa ng panitikang Kapampangan. Sentral na usapin pa rin sa kaniya ang wika sa pag-aaral ng panitikan. Tulad nina Lacson at Vidal, tinukoy niya ang mga limitasyon ng pag-aaral ng panitikang Kapampangan: wala o mababang kalidad na transkripsiyon sa bernakular, kulang-kulang na dokumentasyon, di-sistematikong pangongolekta, at dahop sa analisis.

Ang susi sa lokal na produksiyon ng kaalaman ay ang pag-unawa sa tradisyonal at pagiging *folk* ng kanilang oral na panitikan, partikular ang kanilang popular na awiting-bayan, ang “Ati Cu pung Singsing” (My Precious Ring). Sa kauna-unahang Pambansang Komperensiya ng Philippine Association for the Study of Culture, History and Religion (PASCHR) noong ika-31 ng Enero hanggang ika-1 ng Pebrero 2014, may dalawang papel tungkol sa nawawalang singsing. Ang papel ni Marian Caampued, may pamagat na “Singsing, Sinukuan, Saludagui: Searching for the Babaylan in the Socio-Cultural Context of Pampanga” at ang sinulat ni Grace Odal-Devora na may titulong “The Theme of the Lost Precious Ring in the Philippine Folklore and its Links with India.” Kagaya ng pamanang kultural, hindi nawawala ang singsing kung hindi ito hahanapin. Nasa paligid lamang ito, materyal man o imateryal, sa kabila ng natural at gawang taong kalamidad, nasa pagpapahalaga sa tradisyon at kaugalian. Ipinakikita nito ang pambansang produksiyon ng kaalaman kagaya ng matatagpuan sa aklatan, sinupan, at museo. Sa kabilang banda, may mga nasa partkular na bayan o rehiyon kagaya ng Pampanga, Bulacan o Cavite.

*Translokal na Daynamiks ng Lokal at Pambansang Produksiyon ng Kaalaman ng CKS*

Gumagamit ang CKS ng iba’t ibang paraan at materyal upang maisulong ang kanilang mga paniniwala at adhikain. Ito ang nilalaman ng kanilang mga publikasyon kagaya ng mga isinulat ng mga iskolar. Gayundin ang tunguhin ng kanilang popular na magasin (*Singsing Magazine)* na marami ang mararating kung hindi man lahat.




**Figyur 3.** ***Pabalat ng Alaya blg. 1 2003***

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng lengguwahe, nasundan ng mga naunang iskolar ang estratehiya at taktika ng mga mananakop. Imbis na ituro sa mga katutubo ang banyagang wika, nagsagawa sila ng ilang bokabularyo, diksiyonaryo at mga balarila ng mga katutubong wika. Ito mismo ay maituturing na direktang kolonyalismo at paggamit ng kontrol.

Dagdag pa rito ang paggamit ng CKS ng mga interaktibong midyum para marating ang mga nasa malalayo at higit na mga batang mambabasa. Nakasilid ang kanilang mga tunguhin sa publikasyon kagaya ng *Alaya*, na matatagpuan ang mga pang-espesyalista at nakatuntong sa mas mataas na antas na pag-aaral. Gayundin ang mga nagbabasa ng magasing nasa parehong Ingles at Kapampangan. Mas malayo ang nararating ng kanilang mga online na babasahin para sa mga *gen Z* at *millennials*.

Mahalagang punto sa daynamiks ang pagiging oposisyonal ng pook at pambansa sa bahagi ng lokal na produksiyon ng kaalaman. Ang papel ng kasaysayang bayan ay hindi katumbas ng kasaysayang pampook.

Makikita rin sa Araling pampook ng CKS ang gawaing *sarilihin* ang lokal na kasaysayan. Batay sa balangkas ng translokalidad, matatagpuan ang daynamiks ng lokal at pambansa gayundin ng pook at bayan.

*Nabubukod na Katangian: Ang Museo ng Sining Kapampangan ng CKS at Pinatubo Museum*

Mayroon ding museo at galeriya ang CKS na nakatanghal ang ibang objek bilang permanenteng eksibit samantalang pansamantalang nakaimbak naman ang iba para sa mga umiikot na eksibit kung mayroong mga okasyon. Sa isang banda, kasama sa tinatawag na mga permanenteng eksibit ang retablo ng mga Pampangong padron (na parehong nagpapakita ng pananampalataya at husay ng Kapampangan), ukit ng mga taga-Betis, at maging ang mga gumagawa ng santo sa Macabebe gamit ang mga *faux silver fitting* base sa tradisyon ng *pukpuk* (lokal na paglalatero). Dagdag pa rito, ang museo at galeriya ng CKS Gallery ay nagpapakita rin ng *mural timeline* ng Kapampangan at pandaigdigan maging ang pambansang kasaysayan. Mula rin sa donasyon ng National Museum, tampok rin ang mga arkeolohikal na mga *artifact* mula sa Candaba at Porac, dalawa sa mga pinakamaagang prehistorikong panahanan ng mga ninuno sa Pampanga.

Pinakabagong dagdag sa koleksiyon ng CKS ang pinakaunang museo para sa paggunita sa pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong ika-14 ng Hunyo 1991. Kaya naman noong ika-25 taon buhat ng pagsabog, kasabay ng paglulunsad ng aklat na *Our Common Fault: Stories of Loss and Survival in the July 16, 1990 Earthquake* ni Lia T. Pangilinan, binuksan ang naiibang museo.

Sa pamamagitan ng *crowdsourcing* o pangangalap ng mga materyal mula sa maraming tao, maaari rin namang mula sa mga pribado o indibidwal na donasyon ng Convento de San Agustin, koleksiyon ng natatanging mga litrato ng mga kolonyal na simbahan sa Pampanga bago masira o magawa muli. Maging ang mga lumang diyaryo sa pagtatapos ng siglo, mga pahayagang Kapampangan, *memorabilia*, koronang laurel na mga ari ng Crissotan at iba pang hindi nagtatagal na mga bagay. Kasama rin sa nilalaman ng museo at galeriya ng CKS ang mga mapang miyural, *photographic mural* ng 100 mukha ng mga Kapampangang ipinanganak mula sa unang taon ng ika-20 siglo, tradisyonal na parol na Pampango, maging mga diorama ng pinaliit na bahay-kubo.

Kagaya ng naunang libro ni Tantingco tungkol sa Pinatubo, siyentipiko ang lapit ng panibagong koleksiyon ng Pinatubo Museum. Ayon sa artikulo ni Tonette Orejas ng *Inquirer Central Luzon*, bihira lamang ang mga *volcano museum* sa mundo, matatagpuan ang museong naggugunita sa pagsabog ng bulkang Taupo at Taranaki sa New Zealand at ang memoryal na museo sa pagputok ng bulkang Vesuivius sa Italya.

Ang Pinatubo Museum ay naglalaman ng miyural na pagpapanahon ng kasaysayan ng Bulkang Pinatubo, mayroon ding *installation art* ang Kapampangang artist si Arnel Garcia at iba pang piyesa ng mananaliksik na si Joel Mallari.

Tampok rin sa koleksiyon ng museo at galeriya ng CKS ang gawa ng mga pambansang alagad ng sining na si Napoleon Abueva, ang aktuwal na *death masks* ng dalawang dakilang Kapampangan, si Ninoy Aquino ng Tarlac at isa pang pambansang alagad ng sining na si Fernando Poe Jr. mula sa Lubao. Mayroon ding interaktibong *computer booths*, para sa kulitan (prehistorikong paraan ng pagsulat) at modernong alpabeto, mayroon ding mga salita mula sa 1732 diksiyonaryo ni Bergano at mga recorded na awiting Kapampangan.

Dagdag pa rito, mayroon ding koleksiyon ng Kapampangan Arts ang CKS, kasama ang kompletong serye ng dibuho ng pambansang alagad ng sining, Vicente Manansala mula sa Macabebe, kasama ang mga borador ng *14 stations of the cross* sa UP Diliman chapel at kaniyang mga memorabilia, dating nakalagak sa kaniyang bantayog sa Binangonan, Rizal.

Hindi kagaya ng sinupan, ang museo ay bukas para sa lahat, hindi nakakubli at maaaring direktang makita. Ang museo at galeriya ng CKS ay maaaaring makita ng lahat kagaya ng pampublikong lugar. Ito ang unang makikita ng mga bisita papasok sa CKS. Ang pinaliit na replika ng retablo ng iba-ibang Pampangan na mga santo at sa kabila naman ang aklatan at sinupan ng CKS. Ang malaking timeline ay matatagpuan sa loob ng museo at galeriya mula sa kontemporanyong panahon hanggang sa pre-kolonyal na yugto. Ang mga artifact mula sa iba-ibang koleksiyon ng Kapampangan sa iba pang museo at pribadong koleksiyon ay nasa iisang lugar.

Maliban sa pre-kolonyal hanggang kasalukuyang timeline, tampok sa museo at galeriya ang pribadong koleksiyon ng Manansala ng mga nagtatag ng HAU. Pana-panahon kung magbago ang mga eksibit, ayon sa direktor ng CKS, bahala ang curator sa pag-oorganisa sa mga umiikot na eksibit ng museo. Imbis na nakatago

lamang sa CKS ang ibang koleksiyon, panaka-naka ay nagkakaroon ang kapuwa mga Kapampangan na hindi makapupunta o walang panahon para dumaan o para makita ang mga gawa ng kabalen.

Sa inagural na Kumperensiyang Internasyonal sa Araling Kapampangan, naglunsad ng aklat si John Larkin kaugnay ng industriya ng asukal sa bansa. Ikinokonsidera siyang pasimuno ng Kapampangan Studies at bagaman hindi Kapampangan, nakapagsulat pa rin siya ng kasaysayan ng isang kolonyal na lipunan sa isang probinsiya ng Pilipinas.

Sa mismong pasakalye ni Larkin, ipinaliwanag niya ang mga dahilan kung bakit ito ang kauna-unahang pagtatangka na mapag-aralan ang mga Kapampangan bilang mga Kristiyanong naninirahan sa kapatagan at may masalimuot na ugnayan sa mga Tagalog.

Sa huli, kinilala naman niya ang naging ambag ni Luther Parker na isa sa nagpasimula ng Kapampangan Studies. Inuugat niya ang Araling Pampook kay Parker, isang dahilan kung bakit ipinangalan sa kaniya ang isang seksiyon ng aklatan ng CKS.

Si Parker ay isang Amerikanong administrador at edukador. Una siyang nadestino sa bayan ng Bacolor, ang kultural na sentro ng Pampanga. Sa kaniyang pamamalagi, nagkaroon siya ng pagkakataong makasalamuha ang mga pinuno ng komunidad at makilala ang pook at mga taong naninirahan sa rehiyon. Malaki ang kinalaman ni Parker sa pangongolekta at pangangalaga sa mga dokumentong magiging *historical data paper* sa buong kapuluan. Dahil dito, halos mag-isa niyang ipinakilala hindi lamang ang Kapampangan Studies kundi maging ang Araling Pampook. Sa kabilang banda, bukod kina Parker at Larkin, binigyan din ng pagkilala ng lokal na mananalaysay na si Lino Dizon ang mananaliksik na si Mariano Henson.

Ang pangunahing ambag ni Mariano Henson sa Araling Pampook sa Pampanga ay ang manipis ngunit malamang talang "Maikling Kasaysayan ng Bayan ng Angeles sa Probinsiya ng Pampanga mula 1796 hanggang 1947–48." Pinuri ni Dizon ang pagtatangka ni Henson na imodernisa ang Kapampangan Studies. Hango sa aklat niyang *The Province of Pampanga and its Towns* (AD1300–1962) ang malalim na pag-unawa sa lokal na kasaysayan ng mga simbahan sa bawat bayan na kasama sa dating saklaw na teritoryo ng Pampanga.

Naglaan ang CKS ng isang isyu para sa pasimuno ng Kapampangan Studies sa *Alaya* Blg. 6, 2010–11, mababasa ang panimula nitong "belated acknowledgment and tribute of the Center for Kapampangan Studies and as far as we know—Philippines scholarship in its totality for Luther Parker."

Hango sa balangkas ng isyung may pamagat na "Luther Parker (1872–1952) and his fields," lubhang malawak at marami ang kaniyang interes bilang guro, *genealogist*, lokal na historyador, *litterateur*, at Kapampangan Studies Pioneer. Hinati sa tatlong bahagi ang pagkilala sa kaniyang naging ambag sa kasaysayan ng Kapampangan. Ang unang bahagi ay tungkol sa pakikipag-ugnayan niya sa mga katutubo, "Luther Parker's hinterlands." Halaw ito sa kaniyang mga naunang paglalakbay at pagbisita sa larangan ng Pampanga. Ang ikalawang bahagi ay mga kinolektang teksto at dokumento mula sa Luther Parker Collection na matatagpuan sa aklatan ng CKS. Gayundin ang ikatlong bahagi na nakasaad ang iba't ibang larangan ng interes ni Luther Parker batay sa pananaw ng mga kontemporaryong iskolar ng Kapampangan Studies.

Ang isang susi sa rasyonal na posisyon ng CKS ay ang pananaw nito sa lokal na kasaysayan, ang tinatawag ni Dizon na *Amlat* na maaaring pagsimulan ng Araling Pampook.

> We want local history to be part of national history. We want all the regions in the Philippines to do that. We want people to tell the stories of their barrios. The story of their families, family history also. Because we know that from barrios, communities, towns, started with different and sometimes only one family. We saw it in our model in Juan D. Nepomuceno. We want their stories to be told, we want it to be written down. We want everybody to build their own family trees. (Tantingco, September 11, 2015)

Sinuma naman ni Ed Tadem, isang politikal na siyentista, sa kaniyang panimula sa natatanging isyu ng *Alaya* ang kahalagahan ng Araling Pampook sa pamamagitan ng mga sulatin ng direktor ng Center for Tarlaqueño Studies.

> Lino Dizon stands out among the present crop of Filipino historians in that he is based in and deeply grounded in local Philippine Societies in his case, the Pampango speaking communities of Luzon.

Sa ganitong konteksto, inilabas ng CKS ang mga ambag ni Dizon na nangangailangan ng malalim na pang-unawa at lubos na pagpapahalaga sa kultura, relihiyosong orden, kilusang panlipunan, at kasaysayang Kapampangan.

Sa pinakahuling isyu ng *Alaya* Blg.7, 2014, bumalik si Lino Dizon bilang punong patnugot. Ang paksa ng huling isyu ay tungkol sa lokal na kasaysayan at paglilinaw ng partikular na lapit at pamamaraan ng CKS tungkol sa Araling Pampook. Ayon sa kaniyang artikulong "Relics and Milestones" tungkol sa sekretong organisasyong mason na gumagamit ng pagpapangalan:

> "The historiographical processes of deconstruction-reconstruction can bring about novel perspectives. In some earlier works I have recommended the study of toponyms (place names) as an important tool in history that can open new windows in historical investigation and appreciation." (Dizon 54–75)

Mataas ang pribelehiyo ng usaping pangwika sa mga naunang bugso ng Philippine Studies sapagkat mayroon itong kapangyarihan upang maging kasangkapan ng pagpapanitili ng kultural na pamana. Bagaman noong una, kolonyal na kasangkapan ang wika, maaari rin itong magamit sa dekolonisasyon at pagpapalaya ng mga kaisipan. Naniniwala ang CKS na ang dahilan kung bakit nawawala ang gana sa katutubong kultura ay sapagkat lumalabnaw na rin ang paggamit ng lengguwaheng Kapampangan. Ang itinuturong mga dahilan ng nangyayaring sitwasyong pangwikang ito ay ang lapit nito sa Maynila, pagkakaroon dati ng base-militar sa Clark, at ang pagputok ng Bulkang Pinatubo.

Upang matugunan ang ganitong pangyayari, patuloy na naglilimbag ang CKS ng kultural na magasing *Singsing*. Ang nilalaman nito ay mga paksaing tungkol sa kasaysayan, wika, kultura, at iba pang may kinalaman sa Kapampangan. Bagama't nakasulat ito sa Ingles, mainam pa rin na babasahin ito para marating ang mas malawak na mambabasang hindi Kapampangan. Ginamit pa ring pamagat ng magasin ang imahen ng singsing na sumisimbolo sa kinakaharap na pamumuhay at kultural na pamanang Kapampangan. Kagaya ng singsing, ang kulturang Kapampangan ay maaaring ikompara sa pamana mula sa mga ninuno, minsanang nawala at nasa mahabang proseso ng paghahanap at pagpapanumbalik. Hindi mo kailangang makapagsalita ng Kapampangan upang mabasa ang nilalaman ng *Singsing*, dahil ang nais na maabot nito ay mga nasa labas ng Pampanga. Isinasaalang-alang dito ang interes ng mga kabataan at maging sa mga katandaan na wala nang ugnayan sa kanilang tradisyon.

Naniniwala ang CKS na ang proseso ng re-asimilasyon sa kultura ay dahan-dahan at ang wikang Ingles ang mukhang pinakamainam na midyum para maumpisahan ito. Hindi naman sa isinasantabi ang katutubong wika upang makapagpalaganap ng mga ideya, ang CKS ay naglilimbag din ng isa pang magasin, ang *Indung Ibatan*. Ang ibig sabihin nito ay *nanay* at nakasulat sa Kapampangan upang marating ang mga nasa Pampanga. Nagbibigay ito ng pagkakataon upang may mabasa sa lokal na wika. Gayundin, para matugunan naman ang pangangailangan ng mga iskolar upang mailahad at maibahagi ang kanilang mga pananaliksik, naglalabas rin ang CKS minsan sa isang taon ng riserts dyornal na ang pamagat ay *Alaya*.

Nakalubog ang CKS sa kabuuang pamumuhay ng Kapampangan, ang masalimuot na larangang ito saklaw ang mga akademikong gawaing tulad ng kasaysayan, arkeolohiya, panitikan, kostumbre at tradisyon, at biswal na sining. Kabilang din sa kanilang interes ang pangongolekta ng mga materyal sa larangan na matatagpuan ang pasalitang kasaysayan, kaugalian, likhang-kamay, kalakalan, at iba pang saklaw ng kabuhayang Kapampangan. Kung gayon, nakatawid ang CKS sa pagitan ng limitasyon nito at sa maaaring marating nito sa hinaharap. Nakapagbigay ito ng espasyo para sa mga tao sa bayanan na makapagbahagi ng kanilang mga istorya, awitin, at maging ang mga iskolar, maging mga mananaliksik na makakuha ng datos at mailahad ang kanilang mga natuklasan.

Sa kabila nito, may kasarinlan ang trabaho ng CKS sa interes ng isang panig. Ang CKS ay pinopondohan at suportado ng pamantasan at kung gayon ay malayang makapagpasya nang walang hadlang. Wala itong utang na loob o pabor na kinakailangang ibalik kung kaninuman. Bukas ito sa kolaborasyon kung sinuman ang interesado, institusyon man o indbidwal. Dahil sa pagsasarili ng CKS, marami-rami na ring mga programa ang nasimulan at marami-rami pa ang gagawin sa susunod kasama ang mga kalahok na tao, pamilya, pundasyon, gobyerno, at iba pang grupo, mapasimbahan man o labas nito.

Para sa CKS, makikita naman sa kanilang mga inilalabas na babasahin, ang produksiyon ng kaalaman

at paggamit ng iba't ibang midyum, wala pang kulturang Filipino sapagkat hindi pa nabubuo ang bansang Pilipinas. "Nasa daan pa lamang tayo," paliwanag ng CKS director na si Tantingco. Dagdag pa niya, "papunta pa lamang tayo, 'yun ang tinatangkang gawin." Tulad ng wala pang wikang Filipino kundi nakabase pa rin sa Tagalog. Bagaman may ambag naman mula sa mga rehiyon, nananatiling Tagalog pa rin ang batayan nito. Kaya para kay Tantingco, hindi pa tapos ang usapin ng kulturang Filipino, wala pang pambansang kamalayan. Ngayon pa lamang makararating ang mga Filipino.

Sa saliksik na ito tungkol sa CKS, ang unang bahagi ay inilaan para sa ugat ng araling pampook maging sa mga nagbubukod at nagbubuklod na katangian ng lokal at pambansang produksiyon ng kaalaman nito. Habang ang kasunod na bahagi ay sinundan ang daynamiks ng lokal atpPambansa, gamit ang translokalidad.

Mainam na simulain ito, kagaya ng saliksik sa Cebuano Studies, West Visayan Studies Center kasama ang Mindanao Studies Consortium Foundation maging ang Mindanao Knowledge Center. Gamit ang translokalidad upang masuri ang pambansa at lokal na produksiyon ng kaalaman. Dalawa ang pangunahing pinagkunan ng datos, ang mga lathalain sa *Singsing* at mga pag-aaral o saliksik ng CKS sa *Alaya*. Hindi kasama ang mga pelikula na prinodyus, mga libro na inilimbag ng CKS dahil sa lawak at kompleksidad nito.


## KONGKLUSYON

Kung ipopook ang CKS, mailulugar ito taliwas sa pambansang pagkakapare-pareho. Nakabuod sa mga prinsipyo nito ang pagpapahalaga sa kasiguruhan na mauunawaan ang nagtutulak sa kanila upang palaganapin ang kanilang kultura at higit sa lahat, ang mapangalagaan ang kanilang kultural na pamana.

Hindi kagaya ng *tactile* na midya o 'yung mga nahahawakan tulad ng libro, magasin o dyornal, gumagamit din ang CKS ng ibang midyum kagaya ng CD para sa mga awiting-bayan, musika, at iba pang may tunog o biswal. Dagdag pa rito ang mga pelikula at pagpapalabas ng mga dula sa loob ng Pampanga maging sa labas nito. Nasa pormat ng CD, VCD o maging DVD ang ganitong materyal.

Pinasok din ng CKS ang pagpoprodyus ng mga pelikula at pagpapalabas sa mga sinehan kagaya ng SineCabalen at iba pang *film festival*, lokal man o pang-ibang bansa. Kilala si Brillante Mendoza dahil sa kaniyang naiibang pelikula tulad ng *Manoro*. Tungkol sa isang gurong Ayta ang pelikula na nagtuturo sa mga katutubo kagaya niya kung paano makilahok sa eleksiyon. Mainam na midyum ang pelikula upang makita ang tensiyon ng mga nagsasalungatang ideya at paniniwala. Mababakas ito sa iba pang pelikula ni Mendoza tulad ng *Masahista* at *Kaleldo*, kapuwa parehong eksplisit at implisit na tungkol sa kulturang Kapampangan. Ang pinakahuling handog ng CKS ay ang naratibong pelikula tungkol sa oral na tradisyon ng Crissotan na may pamagat na *Ari* (hari). Tungkol ito sa tema ng pagkawala at pagbaon sa limot ng mga kaugalian kapalit ng mas makabago at mabilis na takbo ng pamumuhay.

Ang pamamaraan ng pagpapakalat ng kaalaman ng CKS sa pamamagitan ng mga makabagong teknolohiya ay tugma sa matutunghayang wika at kasaysayan sa kulturang Kapampangan. Kompara sa mga tradisyonal na paraan ng pagpakete ng resulta ng pananaliksik sa museo, teatro o aklatan, mas malayo at mas marami ang naabot ng *new media* at interaktibong midya. Sa pamamagitan nito, nagsasanga ang mga produkto ng kaalaman dahil sa pagpapalaganap ng pag-unawa at paghikayat ng lokal na kaalaman.




Figyur 4: Mga Tema ng Kapampangan at Filipinong Diskurso

Naniwala ang CKS na higit sa lahat, ang pagpook sa sariling bayan ang nagbibigay sa kanila ng natural na pagnanais na pahalagahan at pagyamanin pa ang kanilang pamana mula sa mga ninuno nila.

Sabi nga ng isang lokal na mananalaysay na Kapampangan na si Renato Tayag (Regional Studies Center Profile 2008), nawawala na ang bayang Kapampangan. Kaugnay nito, ipinaliwanag nila na nakaaalarma ang pagiging malabnaw ng kalinangan at wikang Kapampangan dahil sa pangingibabaw ng Tagalog. Hindi siya pinakinggan ni sineryoso hanggang magkaroon ng serye ng mga sakuna, politikal na kaguluhan, at ang pagsabog ng Bulkang Pinatubo.

Para kay Tayag, nahimbing na ang mga cabalen sa pangkulturang pagkakatulog.

Nilinaw rin ni Tayag ang ilang mga salik ng kawalan ng kultural na aktibidad: una, ang pagkahumaling sa makabago; pangalawa, ang pagkabigong maibalik o makuha muli ang pagpook sa bayan; pangatlo, ang patuloy na komersiyalisasyon at lubhang bilis na buhay sa siyudad; at panghuli, ang kawalan ng inisyatiba mula sa estado o simbahan.

Kung ilulugar ang umuusbong na imahen ng Pampanga batay sa pananaw ng CKS, makikita ang buong lawak ng mga pagnanais ng lahat ng Kapampangan. Kasama ang lahat ng may pagpapahalaga sa lengguwahe, kasaysayan, at kultura. Sa isang banda, may mga nagnanais na ihiwalay ang Pampanga sa bansa nang may bukod na estadong Kapampangan. Kompleto sa militar, gobyerno, at sariling pamamahala. Ngunit ang paninindigan ng CKS, bagaman galing sa direktor, sa mga personal na pananaw ay nakasaad sa paniniwala: maging mabuting Filipino sa pamamagitan ng pagiging mabuting Kapampangan. Nangangahulugan itong may pangangailangan sa pagpapalaganap ng kamalayan para pahalagahan ang katutubong kaakuhan bago pahalagahan ang pagiging bahagi ng bansa.

Hindi sang-ayon ang CKS sa labis na pagpapahalaga sa bansa kung maisasantabi naman ang mga nasa rehiyon. Sa pagtatangkang makamit ang nasyonalismo, sa pagbubuo ng pambansang kaakuhan ay nabubura ang mga katutubong kaakuhan. Para sa CKS, ang iisang kaakuhang Filipino ay masyadong monolitiko, kaya naman ang isinusulong nila ay ang pagkakaroon ng amalgam ng iba't ibang rehiyonal na kaakuhan. Paliwanag nga ni Tantingco:

> In the march towards nationalism, in the rush to create a national identity, they try to erase the ethnic identities. It's like being a monolith with one Filipino identity; it's like an amalgam of the different regional identities.

Imbis na pahinain ang mga katutubong kaakuhan, ang iba tulad ng Cebuano at Ilokano ay maaaring magpalakas ng isa't isa. Kung mangyayari ito, sabi ni Tantingco:

> If this is true, then it's like a federation of different nations. By not erasing that identity, Philippines should be a state of federations of different nations. One government, one state, one constitution but different groups of people with their own cultural identity.

Pinoproblematisa sa kabanatang ito ang daynamiks ng lokal at pambansang diskurso sa pamamagitan ng pagturol nito sa balangkas na espasyo-temporal sa Araling Filipino. Tiningnan din sa bahaging ito ang ugat at kinahinatnan ng CKS sa *area studies* nina John Larkin at Mariano Henson. Gayundin, nagbigay-pansin ang bahaging ito sa natatanging ambag ng CKS sa lokal na pag-aaral sa tulong ng mga gawa nina Lino Dizon at Luther Parker.


Dinamiko at komprehensibo ang Kapampangan Studies dahil sa sinupan, aklatan, museo, at produksiyon nito ng pananaliksik. Batay sa mga piling isyu ng mga magasing *Singsing* at *Alaya Research Journal*, naipopook ang daynamiks ng lokal at pambansang diskurso sa mga magkakaugnay na metaporikal na paghahanap sa nawawalang singsing bilang pamana at ang mapanggunaw na pagsabog ng Bulkang Pinatubo.

Ang opisyal na tindig ng CKS, ayon sa direktor nito, pumabor sa lingguwistikang posisyon na nagsasaad na "hayaang magbago ang wika sa sarili nitong pasiya." Isiniwalat pa ni Tantingco na naiipit ang CKS sa gitna dahil sa kagustuhan ng mga nagsasalungatang puwersa na mag-organisa sila ng pagtitipon upang iresolba na ang isyu ng wika sa Pampanga. Ginamit niya ang karapatang makapamili, nanatili ang paninindigang "hayaang magbago ang wika sa sarili nitong pasiya."

> We can't do a thing. Who are we to presume that we have the final say or authority on what or what not to use by the rest of the way. We cannot really legislate something on a language. We can only support both. Just the same we support both, those who are advocating C and Q, we even publish their work. Those advocating K, we also publish their work. Those advocating kulitan, we publish them. So let the future generations decide. That's our official position. (Tantingco 2015)

Sa pagpapatuloy ng naratibo ng Kapampangan Studies, maliban sa interes sa wika, mula pa sa panahon ng mga Espanyol na gumawa ng kaniya-kaniyang leksikograpiya, libro ng gramatika at komparatibong lengguwaheng naiiba ang kasunod na landasin. Inabot ng naratibong ito ang panahon ng mga Amerikano, gamit ang pampublikong sistema ng edukasyon upang ipasailalim ang katutubong kamalayan. Sa yugtong ito,

ayon kay Larkin, nagkaroon ng ideya ang pasimuno ng Kapampangan Studies bilang guro ng pampublikong paaralan at administrador ng rehimeng Amerikano sa kapuluan. Bagaman walang kasanayan sa kasaysayan o antropolohiya, maraming inisyatiba si Parker partikular na sa lokal na kasaysayan ng Pampanga. Ito ang tinutuntungan ng CKS, kahit hindi naman buo ang kanilang pagsunod, nagsisilbi itong panandang-bato para maging reperensiya sa hinaharap na kanilang mga inisyatiba.




Figyur 5: Nasa Pagitan ng Area studies at Araling Pampook ang Nagsasariling Araling Filipino

Natuklasan na ang mga karaniwan at natatanging katangian ng lokal na bahay-saliksikan ay mahuhugot mula sa daynamiks ng lokal at pambansang diskurso. Ang pinakamahalagang katangian ng CKS ay ang mga sumusunod: ang pangkalahatang pagtutuon sa wika bilang pamana, pananaliksik at produksiyon ng kaalaman bilang moda ng preserbasyon ng kultura at adaptasyon ng new media o *communications technologies* bilang paraan ng pagtatawid ng sariling kultura. Panghuli, ang mga lokal na pag-aaral tulad ng sa Center for Kapampangan Studies ay bahagi ng mas napapanahong bugso ng Araling Filipino na bumubukal mula sa nakaraang kolonyal at isinakatutubong lokal na pag-aaral. Ang produksiyon ng kaalaman mula sa mga lokal na pag-aaral at pananaliksik ng Center for Kapampangan Studies (CKS) ay nagbibigay ng hudyat sa pag-usbong ng bugso ng nagsasariling Araling Filipino.

## SANGGUNIAN

Canaya, Edwin B. "Reclaiming the Kapampangan Regional Identity." *Singsing* vol. 6, no. 1, 2007, pp. 1–4.

Center for Kapampangan Studies. Blogspot.com. http://centerforkapampanganstudies.blogspot.com/2016/11/center-for-...1. Inakses noong Nobyembre 2023.

"Crossing a river, their 'itlog' turns into 'ebun.'" *Philippine Star*, 14 Mayo 2009, https://www.philstar.com/opinion/2009/05/14/467087/crossing-river-their-itlog-turns-ebun.

Dizon, Lino. "Relics and Milestones: Philippine Freemasonry (francmasoneria) Local Historiography and deconstruction-reconstruction." *Alaya* no. 7, 2004, pp. 54–75.

---. "The Setting Alta Pampanga or Upper Pampanga Historical Overview. *Alaya* no. 5, 2007–08, pp. xiii–xx.

---. "Central Luzon in Pampanga/Pampanga in Central Luzon." *Alaya*, 2006. pp. 9–10.

--. "Historical Overview of Philippine Religious Missions in Japan, 1582–1715." *Alaya* no. 2, 2004, pp.81–137.

---. *Amlat: Kapampangan Local History Contours in Tarlac and Pampanga.* Center for Tarlaqueño Studies, Tarlac State University, 2020.

Gonzales, Andrew. "Bibliographical Sources for the Study of the Kapampangan Language." *Alaya* no. 3, 2005, pp. 9–22.

Griener, Clemens at Sakdapolrak, Patrick. "Translocality: Concepts, Applications and Emerging Research Perspectives." *Geography Compass* vol. 7, no. 5, 2013, pp. 373–384. https://compass.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/gec3.12048.

Kyotola, Samu. "Translocality." Nasa *The Routledge Handbook of Language and Digital Communication*, inedit nina Georgakopoulou, A. at Spiloti, T. Routledge Handbooks in Applied Linguistics, 2016. https://jyx.jyu.fi/bitstream/handle/123456789/48729/1/kytola%202015.%20translocality.%20preprint%20version.pdf.

Larkin, John A. Luther Parker (1872–1952) and His Fields. "Luther Parker's Hinterland: A Sampling of His Writings." *Alaya* vol 6, 2010–11, pp.1–38.

---. "Luther Parker, the Father of Kapampangan Studies." *Singsing* vol. 2, no. 3, 2003, pp.41–42.

Pangilinan, Lia T. *Our Common Fault: Stories of Loss and Survival in the July 16, 1990 Earthquake. Center for Kapampangan Studies.* Holy Angel University Press, 2016.

Perez, Martin Julius. "Local Studies Centers in the Philippines: An Introductory Text." 2011, pp.1–18. http://dx.doi.org/10.4018/978-1-4666-9542-9.ch011.

Mallari, Joel P. "Documenting Philippine Pre-Hispanic Scripts: The Case of the Kapampangan Baybayan." *Alaya* no. 4, December 2006, pp. 105–126.

--- and Garcia, Arnel D. "Pampanga's Vanishing Arts and Crafts." *Singsing* vol. 5, no. 1, 2006, pp. 38–44.

Mcoy, Alfred at de Jesus, Ed. (mga patnugot). *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations.* "Introduction: The Social History of an Archipelago." Ateneo de Manila University Press, 1982, pp.1–20.

Musni, Francis. "Why We Never Learned to Speak Spanish like the Mexicans Did." *Singsing* vol. 4, no. 2, 2005. pp.7–9.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Araling Etniko sa Wikang Filipino: Pagpapaibayo ng Pilipinolohiya/Araling Pilipino." *Saliksik E-journal* tomo 6, blg. 1, Mayo 2017. https://ejournals.ph/article.php?id=11792.

Regional Studies Centers Profile (Luzon, Visayas, Mindanao) "Compilation of papers presented during the Consultative Forum-Workshop of Regional Studies Centers in the Philippines." De La Salle University-Dasmariñas. Dasmariñas, Cavite. July 28–31, 2008, pp.1–6.

Santiago, Luciano PR. *Laying the Foundations: Kapampangan Pioneers in the Philippine Church 1592–2001.* Holy Angel University, 2002.

Santos, Edilberto. "Zambal Tina, Zambal Botolan, Zambal Bolinao: Ilocano, Tagalog and Kapampangan: A Comparative Study." *Alaya* no. 4, December 2006, pp. 85–104.

---. "Pampanga 1571 compared with Sumatra and Java 1511." *Alaya* no. 2, 2004, pp. 13–34.

Tadem, Edgardo. "Guest Editor Preliminary Notes: Upper Pampanga 1593–1990." *Alaya*, 2007–08. pp. ix–x.

Tantingco, Robby. "Confusion over Tarik." *Singsing* vol. 6, no. 1, 2007, pp. 22.

---. "Lost in Translation: Unlocking a Linguistic and Anthropological Treasure Trove." *Singsing* vol. 4, no. 2, 2005, pp. 4–6.

---. "Amanung Sisuan or Indung Tibuan? What Defines the Kapampangan." *Singsing* vol. 6, no. 1, 2007.

---. *Pinatubo: The Volcano in our Backyard.* Holy Angel University, 2011.

---. *The Extraordinary Story and History of Destiny and Destination: Holy Angel University, 1933–2008*. Holy Angel University, 2009.

**Magazines**

"Romancing the Kapampangan Language." *Singsing Magazine* vol. 4, no. 2, 2005.

"Pampanga's Folk Arts and Crafts Going, going…gone?" *Singsing Magazine* vol. 5, no. 1, 2006.

"The Kapampangans Folksy, Faithful and True." *Singsing Magazine* vol. 2, no. 1, 2003.

"Flores Para Los Frailes: The Augustinians in Pampanga." *Singsing Magazine* vol. 3, no. 1, 2004.

"Angeles, San Fernando: A Tale of Two Cities." *Singsing Magazine* vol. 4, no. 1, 2005.

**Interview**

Tantingco, Robby. Center for Kapampangan Studies. Holy Angel University. 11 September 2015. Transkrip.